# KARAHASANG BATAY SA KASARIAN SA LOOB NG MGA PAARALAN SA ASYA-PASIPIKO

KADALASANG NAGMUMULA SA MAKITID NA PANANAW NG LIPUNAN SA KASARIAN ANG KARAHASAN SA LOOB NG, PAPUNTA SA, AT SA PALIGID NG MGA PAARALAN SA ASYA-PASIPIKO.




## ANO NGA BA ITO?

MAAARI ITONG MANGYARI SA PARAANG PISIKAL, SEKSUWAL O SIKOLOHIKAL.




PARUSANG KORPORAL

PASALITANG PANG-AABUSO

PANANAKOT

PANANAKIT

KARAHASANG SEKSWAL O PANGGIGIPIT

Sa Asya-Pasipiko, mas madalas maisantabi sa lipunan at makaranas ng karahasang sekswal at sikolohikal ang mga batang babae; samantalang mas madalas namang makaranas ng parusang korporal, pananakot, at pananakit ang mga batang lalaki. At halos hindi napag-uusapan at naidodokumento ang karahasan laban sa mga mag-aaral na "transgender".

## BAKIT PROBLEMA ITO?




**EDUKASYON**

May epekto ito sa pakikilahok, pagkuha ng mataas na marka, at pagpapatuloy sa pag-aaral, lalo na ng mga batang babae.

**KALUSUGAN**

May epekto sa kalusugang pisikal, sikolohikal, at seksuwal ang karahasan sa paaralan, tulad ng sa ibang lugar.

**KARAHASAN SA PAGITAN NG MGA HENERASYON**

Malamang na gumamit ng karahasan sa kanilang pagtanda ang mga batang lalaking nakasaksi o nakaranas ng karahasan.

## ANO ANG MAGAGAWA MO TUNGKOL DITO?



HIKAYATIN ANG MGA PAARALANG MAGKAROON NG MGA PATAKARAN PARA PROTEKTAHAN ANG MGA BATA

ITAGUYOD SA PAMAMAGITAN NG KURIKULUM AT PAGTUTURO ANG PAGKAKAPANTAY-PANTAY NG MGA KASARIAN AT MGA MAPAYAPANG PARAAN NG PAGLUTAS SA PROBLEMA.

ISALI ANG KABATAAN SA PAGLIKHA NG MGA SOLUSYON.

PALAKASIN ANG UGNAYAN NG PAARALAN, TAHANAN, AT PAMAHALAAN.

UNGEI! United Nations Girls' Education Initiative

KUNG IKAW AY NAKASAKSI O NAKARANAS NG KARAHASAN BATAY SA KASARIAN SA LOOB NG PAARALAN HUMINGI NG TULONG SA TAONG PINAGKAKATIWALAAN MO

UNiTE to END VIOLENCE AGAINST WOMEN — United Nations Secretary-General's Campaign

Design by www.alikecreative.com TH/DOC/HP2/14/035